# Madyik Bisikleta

Buong kabataan kong hiniling sa aking mga magulang na sana'y regaluhan nila ako ng isang bisikleta. Mula pa kasi noon ay mahilig na akong pumunta kahit saan; lubos akong naaaliw kapag mayroon akong nakikitang bago. Hilig ko ang maglakad, tumakbo at bumiyahe sa kung saan man ako dalhin ng aking malilikot na mga paa. Ngunit hindi nila ako pinagbigyan sa aking kahilingan, delikado raw para sa akin ang bisikleta, maari raw kasi akong maaksidente kapag ako'y nagpaandar nito sa kalsada.

Nakalulungkot man, naghanap na lamang ako ng isang sasakyang maaari kong ipalit dito. Nang lumaon, nadiskubre kong mayroon palang isang bagay na kayang-kaya akong dalhin sa kahit anong lugar na aking naisin, makakilala ng mga taong mayaman sa karanasan, makasaksi ng mga nakamamanghang kaganapan, at higit sa lahat, matuto ng mga bagay na patuloy na sasagot sa aking mapagtanong na isipan. Hindi sa lupa, dagat o hangin tumatakbo ang paboritong sasakyan kong ito, lalong hindi rin kailangan ng gasolina upang gumana. Tanging imahinasyon lamang at tiyak na lilipad na ang utak ko! Bawat paglipat ng pahina'y tila katumbas ng isang ikot ng mga munting gulong ng isang bisikleta. Parang madyik, 'di ba? Nasubukan niyo na rin bang maglakbay gamit ang iba't ibang aklat?

Kung dati'y hirap na hirap akong hanapin ng aking ina kung saan-saan, ngayon ay hindi na. Lagi na lamang kasi akong nakaupo sa harap ng kompyuter at kadalasa'y nagbabasa ng *kakadownload* ko lamang na libro mula sa *internet*. Kung noong kabataan ko'y tanging mga

aklat lamang ang aking laging hawak, ngayon ay mas nahihilig akong magbasa ng mga *e-books* (electronic books). Tila mas nakahuhumaling ang mahika ng mga librong ito. Mas mura kasi kumpara sa presyo ng mga nakalimbag na mga libro, kung minsan nga ay libre pa! Isang *click* lang at napapasaakin na kaagad ang *e-book* na kailangan o gusto kong basahin. Kapag ako nama'y nasa labas ng bahay, inililipat ko ang mga *e-books* ko sa aking *cellphone*. Mas madaling basahin at hindi pa ganoon kabigat.

Isang maaraw na hapon, habang ako'y libang na libang sa pagbabasa ng isang nobelang *e-book* sa aking kuwarto, may narinig akong isang napakalakas na tunog, *boom*! Pagkatapos ay biglang dumilim at nawalan ng kuryente! Sobra ang pagkainis ko noong mga panahong iyon dahil nasa *climax* na ako ng binabasa kong nobela. Ibang klase talaga kung humirit ang pagkakataon! Naisip kong umupo muna sa harap ng bintana at magpahangin na lamang. Habang ako'y patuloy na naghihintay sa muling pagkakaroon ng kuryente, nagmasid ako. Napansin kong inaalikabok na pala iyong aking munting istante ng libro.

Tunay na mailap at kung minsa'y nakamamangha ang bawat eksena sa 'ting buhay. Mayroon talagang mga pagkakataong kung iisipin ay sinadya upang maimulat ang ating mga isipan at maiparamdam muli sa atin ang halaga ng mga bagay na minsan ay atin nang tinalikuran.

Pinunasan ko ng basang tela ang aking munting istante ng libro. Napansin kong may mga binili pala akong librong hindi ko pa nababasa. Doon napagtanto kong lubusan na pala akong nahumaling sa madyik ng makabagong teknolohiya, na tila ba ako'y nabulag at nakalimutan ko kung saan ba talaga ako unang natuto at namangha. Naalala ko kung gaano kasaya ang aking kabataan noon; iyong mga panahong nag-uumaapaw sa kagalakan ang aking damdamin tuwing mayroon akong bagong aklat. Kung gaano ako natutuwa sa tuwing naglilikha ng isang kakaibang

tunog ang bawat mabigat na librong aking isinasara at kung paano ko inililipat-lipat ang mga makikinis na pahina ng mga libro ko noon–ibang-iba sa *pagsaswipe-swipe* lang ng *screen* ng aking *cellphone* o kaya'y *pagii-scroll* ng *mouse* sa tuwing ako'y nagbabasa ng mga *e-books* ngayon.

Sa pagkakataong muli kong binuksan ang mga tunay na librong aking tinalikuran, naisip kong hindi pala dapat ipagwalang-bahala ang mga librong ito. Maling-mali ang ginawa ko. Sumagi sa aking isipan iyong mga kabataang nasa *remote areas* ng ating bansa, kung saan walang kuryente, simple lamang ang pamumuhay; nag-aaral gamit ang klasrum na gawa lamang sa kawayan, at tanging mga dahon ng saging lang ang sinusulatan. Naisip kong lubhang mahalaga para sa kanilang edukasyon ang mga librong aking binabalewala. Sa mga panahon ngayon kung saan laganap na ang mga *e-books*, baka manliit sila sa kanilang mga sarili oras na malaman nilang ang mga mahahalagang aklat gaya ng Encyclopaedia Britannica ay hihinto na sa paglilimbag at gagawin nang *digital* ang produksyon ng mga susunod nitong edisyon. Nakapanghihina ng loob kung kanilang maiisip na sila'y tuluyan nang napag-iwanan ng teknolohiya sa panahon ngayon.

Naisip ko na lamang na ayaw kong magising isang araw kung saan lahat ay *digital* na, kung saan wala na halos mga *publishing house* ang naglilimbag ng mga libro at binabalewala na lamang ng mga tao ang mga aklatan gaya ng *National Library*. Tiyak na isa iyong bangungot. Kung magkaganoon man, paano na ang pag-aaral ng mga kabataang kapus-palad kung libro pa lamang ay butas na kaagad ang kanilang mga bulsa? Hindi kasi maaring makakuha ng mga *e-books* hangga't walang kompyuter o kaya nama'y *cellphone* o *tablet* na mayroong *access* sa

*internet*. Kawawa ang mga batang ni minsan sa buhay nila'y hindi pa nakahahawak ng mga produkto ng teknolohiya. Tsk, tsk…

Naalala kong kung tutuusin pala'y sobrang laki ng naging parte ng mga nakalimbag na librong ito sa aking buhay-estudyante. Noon, ako at ang aking ina ay dumadayo sa mga kaibigan niyang mayroong anak na mas nakatatanda ng ilang taon sa akin at hinihingi namin ang mga pinaglumaan nilang libro. Tinatakpan namin ng *xerox copy* ang mga pahinang mayroon nang sagot o sulat. Binabaybay din namin ang kahabaan ng Recto upang bumili ng *second hand books*. Nakapapagod man, tiyak naman ng aking inang mas nakatipid kami. Nagpatuloy ang diskarteng iyon ng aking ina hanggang sa ako'y makatapos ng elementarya. Naisip kong kung *e-books* ang tanging uri ng mga librong gamit ng aking paaralan noon, siguradong doble ang hirap na dinanas ng aking ama't ina sa pagkayod mapaaral lamang ako; bukod sa wala namang *second hand e-books*, ay sobrang mahal pa ng presyo ng mga gadyet na maaaring magpatakbo ng mga elektronikong librong ito.

Sobrang laki ng halaga at pakinabang ng mga *printed books* sa nakararaming kabataan sa 'ting bansa lalong-lalo na sa edukasyon. Sa mga *printed books*, nagiging masikhay ang isang kabataan sa kanyang pag-aaral; nagkakaroon ng pokus dahil malayo sa distraksyong hatid ng *internet*. Kung titimbangin, kaparehang-kapareha lamang ng mga *e-books* ang mga *printed books* sa nilalaman, naging mas nakahuhumaling lamang ang mga *e-books* dahil sa ito'y uso at pabor sa mga mag-aaral na nakasasabay sa pagbabagong hatid ng teknolohiya.

Ilang sandali pa, muli nang nagkaroon ng kuryente. Marami akong natutunan sa ilang minutong tila may ipinamulat sa akin ang pagkakataon; na may mga bagay palang hinding-hindi natin dapat ipagwalang-bahala, na hindi nangangahulugang mas higit ang halaga noong mga

bagong tuklas kaysa sa mga luma't nakasanayan na. Ibang klase talaga kung humirit ang pagkakataon! Ibang klase!

Patuloy na nagbabago ang ating mundo. Hindi ba't nasa *modern information age* na tayo? Ang paglaganap ng mga *e-books* ay hudyat lamang ng mas mabilis na pagtuklas at pagpapalitan ng mga makabagong kaalaman upang mas mapaunlad ang ating uri ng pamumuhay. Walang masama kung tayo ay sasabay sa pagbabagong ito, lagi lang sana nating tandaan na ang mga *printed books* ay naging malaking parte at nagsilbing tulay sa kung ano ang mayroon tayo sa ngayon. Atin ding patuloy na alalahanin na hindi lahat ay kayang sumabay sa pagbabagong hatid ng teknolohiya, kaya't nararapat lamang na ating patuloy na pahalagahan ang mga *printed books* tulad ng pagpapahalaga natin sa mga *e-books* para sa ikabubuti ng lahat.

Ang edukasyon ay isang patuloy na paglalakbay. Mula nang ako'y matutong magbasa, napatunayan kong napakalaki ng papel ng mga libro sa paglalakbay na ito. Maging *printed* o *electronic book* man, parehong uri ng libro'y patuloy akong tinutulungan sa aking pag-unlad bilang isang mag-aaral, parehong nagsisilbing isang sasakyan sa tuwing ako'y maglalakbay.

Ngayong mas naging bukas na ang aking isipan, pakiramdam ko'y naglalakbay ako gamit ang isang madyik bisikleta tuwing ako'y nagbabasa–kung saan ang isang gulong ay nagsisilbing mga *e-books* at iyong isa naman ay mga *printed books*. Lubos ang pagpapahalaga ko sa madyik bisikleta kong ito. Dahil dito, mas naging makulay at kawili-wili ang aking paglalakbay tungo sa iba't ibang kalsada at kamangha-manghang mga lugar hatid ng edukasyon!

Tinapos kong basahin ang nabiting nobelang *e-book* sa aking kompyuter. Kinabukasan, kumuha ako ng aklat mula sa munting istante. Kitang-kita ang muling pagkasabik sa aking mga

mata oras na mahawakan ko iyong libro. Ako’y napangiti at ilang sandali pa’y muling sinimulan ang isang panibagong paglalakbay gamit ang aking madyik bisikleta.